

## Mapapalad ang mga Nawawalan ng Pag-asa

A Lord's Flock General Assembly Topic  
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder  
July 4, 2020

**K**ung mahigpit ang ating pangangailangan at nakaharap tayo sa mga imposibleng sitwasyon, nawawalan na tayo ng pag-asa. Ang kawalan ng pag-asa ay isang pakiramdam na dumarating sa atin kapag ang pangangailangan natin ay hindi na natin makayang gawan ng paraan sa pamamagitan ng sarili nating kakayahan. Sa panahong ganito, pakiramdam natin ay wala na tayong kaalam-alam, kaya't, kinakailangang hanapin natin si Jesus at maranasan ang Kanyang kapangyarihang gawing biyaya ang ating kawalan ng pag-asa.

**M**agkamit man tayo ng katanyagan, tagumpay, at kayamanan, kung wala ang Diyos, makararamdam pa rin tayo ng kakulangan. Magiging mapalad lamang ang pakiramdam natin kung napagtanto na kailangan natin ang Panginoon para maging buo tayo sa pamamagitan ng pagpuno Niya sa ating mga kakulangan sa buhay na tanging Siya lamang ang makagagawa.

**M**abibigyan din tayo ng Diyos ng biyaya at pagpapagaling kagaya ng ipinagkaloob Niya sa paralitiko (Lk. 5:17-26), kung taos-puso natin Siyang hahanapin sa pamamagitan ng pagdadasal; paglilingkod na may pagmamahal at pagkakaisa sa simbahan at sa pamayanan para magawa natin ang mga kagustuhan Niya; at, pagpapatotoo sa iba't ibang panahon ng ating pagsubok at biyaya.

**M**atuto tayong manikluhod at sumamba sa paanan ng Panginoon at hipuin ang laylayan ng Kanyang damit, kagaya ng babaeng dinudugo (Mk. 5:25-34). Kagaya ni Zaqueo, matuto tayong gumawa ng paraan para makita at maramdaman natin ang Diyos (Lk. 19: 1-10). Dalhin nating lahat kay Jenovah-Rapha, ang Diyos na nagpapagaling, at pahintulutang basbasan Niya tayo sa pamamagitan ng paglilinis sa ating isip, katawan at kaluluwa.

**H**uwag nating pahintulutan ang kawalan natin ng pag-asa ang magiging dahilan upang malayo tayo sa Diyos. Lumapit tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagdadasal at huwag tayong matakot. Kumapit tayo nang mahigpit dahil kayang-kaya Niyang palitan ang ating kawalan ng pag-asa ng mga biyaya at mga himalang hindi pa natin naiisip na mangyayari sa atin.

### Pagninilay:

1. May mga pagkakataon bang nakaramdam ka ng kawalan ng pag-asa? Saan nagmula ang iyong kalakasan?
2. Ano-ano ang mga ginamit mong paraan para makayanan mo ang pagkawala ng iyong pag-asa? Alin sa mga ito ang pinakamahusay na paraan? Bakit?

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz

**Na-edit ni:** Sis Vera Tuplano

**Inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano

[www.Lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials](http://www.Lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials)